

Gumagana
Usok
Mga Alarma



ITO ANG BATAS
Ito ang iyong buhay

ANG MGA ALARMA SA USOK AY NAGLILIGTAS NG BUHAY

Ang karamihan sa mga nakamamatay na sunog sa tahanan ay nangyayari sa gabi, kapag tulog na ang mga tao. Liban sa karaniwang paniniwala, maaaring hindi magising ang tao sa amoy ng usok. Ang nakalalasang gas at usok na mula sa apoy ay maaaring magpamanhid sa mga sentido at mas pahimbingin ang iyong tulog, at alisin ang iyong malay-tao. Ang di kamahalang alarma sa usok para sa bahay ay tumutunog, at binibigyan ka ng babala para sa sunog. Sa pamamagitan ng pagbibigay sa iyo ng ilang panahon upang makatakas, binabawasan ng mga alarma sa usok ang panganib na ikaw ay mamatay dahil sa sunog sa tahanan.

Sa totoong kaganapan ng sunog, ang iyong pamilya ay may mas maikli pa sa isang minuto upang ligtas na makatakas kapag tumunog na ang alarma sa usok.

Pag-iinstila ng mga Alarma sa Usok ITO ANG BATAS

Hinihiling ng bagong batas na ang bawat palapag ng iyong bahay ay malagyan ng isang "gumaganang" alarma sa usok.

Paano maaapektuhan nito ang iyong tahanan?

Para sa mga tahanan na itinayo mula 1990 hanggang ngayon, mayroon nang mga alarma sa usok na konektado sa isa't-isa, sa bawat palapag. Basta't ang mga ito ay "gumagana," walang aksyon ang kinakailangan ngunit inirerekomenda na palitan ang mga alarma sa usok na mas matagal na sa 10 taon.

Para sa mga tahananang itinayo mula 1975 hanggang 1990, ang de-kuryenteng alarma sa usok ay nakalagay sa pagitan ng mga tulugan at sa iba pang bahagi ng bahay. Kinakailangan itong makabitan ng bagong alarma sa usok sa hindi pa protektadong palapag. Inirerekomenda rin na palitan ang mga orihinal na de-kuryenteng alarma sa usok at ang mga pinaandar ng baterya na mas matagal na sa 10 taon.

Para sa mga tahananang itinayo bago 1975, malamang ay wala itong mga alarma sa usok. Isang "gumaganang" alarma sa usok sa bawat palapag ang kinakailangan. Inirerekomenda rin na palitan ang anumang umiiral na alarma sa usok na pinaandar ng baterya na mas matagal na sa 10 taon.

Pagpapalit ng mga Alarma sa Usok

Kung ikaw ay nagpapalit ng mga de-kuryenteng alarma sa usok, ang mga ito ay dapat nang palitan ng ibang de-kuryenteng alarma sa usok, at hindi ng baterya. Kung kailangan mong palitan ang magkakakonektang alarma sa usok na de-kuryente dahil sa hindi paggana nito, siguruhing palitan ang mga ito ng kaparehong gawa at modelo upang masiguro ang pagkabagay. Kapag nagpapalit ng mga lumang alarma sa usok, isaalang-alang iyong mga may karagdagang kakayahan gaya ng kakayahang mapaandar ng baterya (para sa de-kuryente) at isang "hush (tahimik)" na pindutan upang mapatahimik ang mga di totoong alarma.

PAGMENTINA AT PAGSUBOK NG MGA ALARMA SA USOK

- Ang isang gumaganang alarma sa usok lamang ang makapagpoprotekta sa iyo at sa iyong pamilya.
- Huwag na huwag itigil ang paggana ng isang alarma sa usok dahil sa "paghiram" sa baterya nito para sa ibang paggamitan o tanggalin ang mga baterya dahil sa mga di totoong alarma.
- Bawat buwan, subukan ang iyong mga alarma sa usok gamit ang pindutan para sa pagsubok sa alarma. Magandang ideya rin ang subukan sa pana-panahon ang alarma sa pamamagitan ng usok mula sa sinunog na bulak o insenso, habang sinusunod ang mga tagubilin ng gumagawa.
- Mag-instila ng mga bagong baterya nang kahit isang beses sa isang taon. Isang magandang paalaala ay kapag ikaw ay nagpalit ng orasan, (tuwing tagsibol o taglagas) palitan ang iyong baterya. Gumamit lamang ng mga bateryang alkaline na inirerekomenda ng gumagawa, para sa alarma ng usok.
- Marahang i-vacuum ang alikabok mula sa mga alarma sa usok kada anim na buwan, habang sinusunod ang mga tagubilin ng gumagawa.
- Ang mga alarma sa usok ay hindi nagtatagal habang-buhay. Palitan ang anumang alarma sa usok na mas matagal na sa sampung taon.

TANDAAN: Ang paggamit ng salitang tahanan ay karaniwan at nagbibilang sa anumang uri ng bahay na tinitirhan.



ITO ANG BATAS

1. Ang mga alarma sa usok ay pananatilihing nasa kondisyong gumagana, ng may-ari.
2. Sa mga yunit na nirentahan, ang propetaryo ay magbibigay ng mga tagubilin sa pagpapanatili ng alarma sa usok na galing sa gumagawa (o ibang naaprobahan ng Fire Chief (Hepe sa Sunog) sa naninirahan.
3. Walang sinomang tao ang maaaring sumira sa alarma sa usok upang ito hindi ito gumana.

PINAKAHULI NGUNIT MAHALAGA RIN

Planuhin ang Iyong Pagtakas

Mahalaga na may taglay kang plano sa pagtakas mula sa sunog na nagpapakita ng lahat ng posibleng labasan.

Kung ikaw ay nakatira sa isang gusaling-apartment na may ilang palapag, imapa ang mga ruta papunta sa mga hagdanang palabas sa iyong palapag.


- Tandaan, **HUWAG NA HUWAG** gamitin ang mga elevator upang tumakas mula sa sunog. Magkasundo ukol sa isang tagpuan sa labas ng iyong tahanan kung saan ang lahat ng miyembro ng pamilya ay magtitipon matapos nilang tumakas.
- Magsanay sa iyong plano sa pagtakas nang kahit dalawambeses sa isang taon. Simulan ang inyong pagsasanay sa sunog kung saan ang lahat ay nasa kama, at nakasara ang mga pintuan. Isang tao ang magpapatunog ng alarma at pagkatapos ang bawat miyembro ng pamilya ay aalis sa bahay, nang gumagapang o nananatiling mababa, at magtitipon sa napagkasunduang lugar. Magandang ideya rin na magsanay nang nakapiring ang mata, o nakasara ang mata upang mas maramdaman ang mga kondisyon kapag may totoong sunog.

Tandaan sa totoong kaganapan ng sunog, kapag nasa labas ka na, manatiling nasa labas! Huwag na huwag bumalik sa nasusunog na gusali!

Mga Paglabag sa Inspeksyon at Pagpapatupad (Inspection Offences and Enforcement)

Pinapayagan ng Bahagi VI ng Batas sa Proteksyon at Pag-iwas sa Sunog (Fire Protection and Prevention Act) ang mga munisipal na inspektor na pumasok at mag-inspeksyon ng mga bahay upang matasa ang kaligtasan mula sa sunog. Maaaring mabilang sa ganitong inspeksyon ang pagtatasa ukol sa wastong pag-iinstila at pagpapanatili sa mga alarma sa usok.

Nagtatakda ang Bahagi VII ng Batas sa Proteksyon at Pag-iwas sa Sunog ng multa sa bawat tao na tututol sa anumang probisyon ng Batas at ng Batas sa Sunog ng Ontario (Ontario Fire Code), kabilang ang mga kahilingan para sa pag-iinstila at pagpapanatili sa mga alarma sa usok sa mga lugar na tinitirhan.





PAGPILI NG ALARMA SA USOK

Ang hinihiling na mga alarma sa usok (ininstila alinsunod sa Batas sa Pagtatayo sa Ontario [Ontario Building Code]) ay dapat nakakonekta sa linya ng kuryente sa bahay. Ang mga karagdagang alarma sa usok o ang mga ininstila alinsunod sa mga probisyon ng Batas sa Sunog ng Ontario ay maaaring nakakonekta sa linya ng kuryente sa bahay, pinaandar ng baterya o kombinasyon ng dalawa. May dalawang uri ng alarma sa usok, Ionization (mabilis na paglaki ng apoy) at Photoelectric (maliit na apoy na nagngingitngit), na gumagamit ng dalawang magkaibang prinsipyo sa paggana. Upang mabisang maprotektahan ang iyong pamilya, dapat mong iinstila ang parehong uri ng alarma sa usok sa iyong tahanan. Ito ay napakahalaga dahil sa dalawang dahilan.

1. Mapoprotektahan ang iyong pamilya mula sa parehong uri ng sunog (mabilis na lumaki at maliit na nagngingitngit)
2. Ganap na aalisin o babawasan ng wastong alarma sa usok na pipiliin para sa bawat bahagi ng iyong bahay ang bilang ng mga 'di totoong' mga pag-alarma. Maaaring idulot ng madalas na pag-alarma ng di totoong alarma, na di paniwalaan ng iyong pamilya ang nakamamatay na sitwasyong maaari nilang harapin kapag gumagana ang alarma sa usok, kung magkaroon man ng totoong sunog. **Sa totoong kaganapan ng sunog, maaaring may mas maikli pa sa isang minuto ang iyong pamilya, upang ligtas na makatakas kapag tumunog na ang alarm sa usok.** Ipakikita ng susunod na tsart ang magkakaugnay na benepisyo ng parehong uri ng alarma sa usok:

Alarma sa Usok:	Ionization	Photoelectric
Pinagagana ng baterya	✓	✓
De-kuryente	✓	✓
Mas madalas na iniinstila (mababa ang halaga)	✓	
Pinakamahasay na pagtukoy sa mga apoy na mabilis lumaki	✓	
Pinakamahasay na pagtukoy sa mga maliliit na apoy na nagngingitngit		✓
Nakakiling sa di totoong alarma (malapit sa mga kusina at palikuran)	✓	
Bihirang maging sanhi ng mga di totoong alarma		✓



Pag-iwas sa sunog **ITO AY NAKASALALAY SA IYO**

Upang maibigay ang pinakamahusay na proteksyon laban sa sunog sa iyong pamilya:

IWASAN ANG mga pangyayari ng sunog sa pamamagitan ng pagsasanay sa magagandang kaugalian ukol sa kaligtasan mula sa sunog.

TUKUYIN ANG sunog sa pinakamaagang pagkakataon sa pamamagitan ng pagsisiguro na maayos na naka-instila at napananatili ang mga alarma sa usok.

TAKASAN ANG sunog sa pamamagitan ng paggawa ng plano sa pagtakas ng pamilya at pagsasanay ng kahit dalawambeses bawat taon.

Para sa karagdagang impormasyon,
tumawag sa aming Opisina ng
Pamublikong Kaalaman
905-896-5908 o bisitahin ang aming
website sa www.mississauga.ca



MISSISSAUGA
Leading today for tomorrow